The Road Out

# Ang Diyos ay Kakampi Natin, Hindi laban sa Atin

WEEK 3

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang mabigyan ng espesyal na pakikitungo? Ano ang naging pakiramdam mo?
- May mga tao ba sa buhay mo na hindi mo maiwasang gawan ng mabuti? Sa tingin mo bakit ganito ang pakikitungo mo sa kanila?
- Isipin ang panahong naranasan mo ang bunga ng maling kilos o desisyon mo. Ikwento sa grupo kung ano ang nangyari.

## WORD

21 *"'Kung hindi mo sila paaalisin, padadalhan kita ng maraming langaw, pati na ang mga opisyal at mga mamamayan mo. Mapupuno ng mga langaw ang mga bahay ninyo, at matatabunan ng mga ito ang lupa.*
22 *Pero hindi ito mararanasan sa lupain ng Goshen kung saan naninirahan ang mga mamamayan ko; hindi dadapo ang mga langaw sa lugar na iyon, para malaman nila na akong Panginoon ay nasa lupaing iyon.'"* **EXODUS 8:21–22**

Ilang siglong inalipin at pinahirapan ng mga Egipcio ang mga Israelita, ang mga piniling mamamayan ng Diyos. Nakaranas sila ng paghihirap at kawalan ng katarungan, ngunit sa kabila ng lahat ng ito, hindi sila kinalimutan o pinabayaan ng Diyos. Inalala Niya ang pangakong ililigtas Niya ang Kanyang mga mamamayan mula sa pagkaalipin para magawa nilang iwan ang Egipto at maipamuhay ang plano Niya para sa kanila (Genesis 15:13–14). Kaya sa pamamagitan ni Moises, sinabi ng Diyos sa Faraon na palayain ang mga mamamayan Niya, at kung hindi ay pagdurusahan ng Egipto ang bangis ng Kanyang katarungan. Ngunit sa pagpapakita Niya ng Kanyang kapangyarihan, nagpakita pa rin ang Diyos ng habag at biyaya. Tingnan natin ito sa aralin natin ngayon.

## 1 Hinatulan ng Diyos ang mga taong nagmatigas.

*"'Kung hindi mo sila paaalisin, padadalhan kita ng maraming langaw, pati na ang mga opisyal at mga mamamayan mo. Mapupuno ng mga langaw ang mga bahay ninyo, at matatabunan ng mga ito ang lupa.'"* **EXODUS 8:21**

Sa panahong ito, paulit-ulit na binalaan ng Diyos ang Faraon na magpapadala Siya ng mga salot bilang bunga ng pagmamatigas nito. Kahit ipinakita na ng Diyos ang mahimala Niyang kapangyarihan nang gawin Niyang dugo ang Ilog Nilo at nang gawin Niyang ahas ang baston na nakatalo sa kapangyarihan ng mga salamangkero ng Faraon, nagmatigas pa rin ang Faraon. Dahil sa pagmamataas niya at sa maraming siglo ng pang-aabuso sa mamamayan ng Diyos, pinairal ng Diyos ang Kanyang katarungan at nagpadala Siya ng maraming salot bilang parusa. Hindi lamang ang Faraon ang nagdusa, kundi pati na rin ang mga mamamayan niya, ang mga Egipcio. Sa tingin mo, bakit hindi sinunod ng Faraon ang utos ng Diyos na palayain ang Kanyang mga mamamayan?

................................................................

................................................................

## 2 Kinahahabagan at binibiyayaan ng Diyos ang mga mamamayan Niya at ang mga nagtitiwala sa Kanya.

*"'Pero hindi ito mararanasan sa lupain ng Goshen kung saan naninirahan ang mga mamamayan ko; hindi dadapo ang mga langaw sa lugar na iyon, para malaman nila na akong PANGINOON ay nasa lupaing iyon.'"* **EXODUS 8:22**

*[20]Natakot ang ibang mga opisyal ng Faraon sa sinabi ng PANGINOON, kaya nagmadali silang isilong ang mga alipin at mga hayop nila. [21]Pero may ilan na binalewala ang babala ng PANGINOON; pinabayaan lang nila ang mga hayop at alipin nila sa labas.* **EXODUS 9:20–21**

Sa tuwing nagpapadala ang Panginoon ng salot, inililigtas Niya ang Goshen, ang lupain kung saan nakatira ang mga Israelita. Nagbigay ang Diyos ng proteksyon sa Kanyang mga mamamayan, naglagay Siya ng harang laban sa parusa na para

sa Faraon at sa mga Egipcio. Ngunit hindi rito natapos ang Kanyang habag at biyaya. Maliban sa mga mamamayan Niya, may mga Egipcio rin, kasama na ang kanilang mga alipin at ari-arian, ang nailigtas mula sa pagkawasak dahil may takot sila sa Panginoon, nakinig at kumilos sila ayon sa sinabi at ipinahayag Niya sa pamamagitan ni Moises. Paano ka pinapalakas ng katotohanang ito ngayon?

........................................................................................................

........................................................................................................

Salungat sa paniniwala ng marami, hindi ipinagkait ng Diyos ang awa at habag Niya sa mga tao. Mabuti ang Diyos na nakikinig sa hinaing ng Kanyang mga mamamayan at hangad Niyang makasama tayo. Dahil dito, ipinadala Niya si Jesus. Sa pamamagitan Niya ay matatanggap natin ang biyaya at awa ng Diyos, kahit na hindi tayo bahagi ng lahi ng Israel. Kay Jesus, hindi lamang tayo naging bahagi ng mamamayan ng Diyos, kundi tayo rin ay inampon sa pamilya ng Diyos. Sa pagtitiwala natin sa Diyos at sa pananampalataya natin kay Jesus, mararanasan natin ang kalayaan at biyaya sa panahon ng pangangailangan, paghihirap, at pagdurusa.

## APPLICATION

- Bahagi ka ba ng mamamayan ng Diyos, ng Kanyang pamilya? Hilingin sa isang kakilala mo na manalangin kasama mo para tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Dahil sa Kanya, tayo ay maaaring maging bahagi ng pamilya ng Diyos at makatanggap ng awa at biyaya.

- May mga bagay bang ipinapagawa sa iyo ang Diyos? Paano magbabago ang tugon mo sa mga ito dahil sa natutunan natin ngayon?

- Paano lalago ang pagtitiwala at pagsunod mo sa Diyos sa panahon ngayon? Ano ang mga praktikal na hakbang na magagawa mo para rito sa darating na linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na ipinadala Niya si Jesus para maging bahagi tayo ng Kanyang pamilya at maging mga mamamayan Niya. Pasalamatan Siya dahil ngayon, matatanggap na rin natin ang habag at biyaya Niya.
- Humingi ng biyaya, karunungan, at kakayahan na laging makinig at sumunod sa Kanyang salita.
- Ipanalangin na sa pagtitiwala at pagsunod mo sa Diyos, masasaksihan ng iba ang katapatan at mahimalang kapangyarihan Niya sa buhay mo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Ruth Suson-Gloria, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph